AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 9**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting manunulat! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 9** |
| --- |
| Theme: Isumbong mo kay Rodulfo (Writing Letters) |
| Content Creator: Antonio F. Zulueta Jr. |

**ISUMBONG MO KAY RODULFO**
**(Writing Letters)**

**WRITING PROMPT LESSON 9- PAANO BANG MAGKAROON NG BAGONG KAIBIGAN?**

---
Magandang buhay mga makata!
Sa linggong ito, kunwari tayo ay si Rodulfo Tulfo, anak ni Raffy Tulfo, na merong radio show, na tawag sa kanya ay ISUMBONG MO KAY RODULFO. Araw-araw sasagot tayo ng tanong galing sa isang bata namomoblema.

Itong araw ang tanong natin ay galing kay Sig-sig ng Pasig:

- *Sa aking idol na si Rudulfo, sana ok na naman at nasa magandang kalagayan.*
- *Umuwi kami nung probinsiya noong namatay ang lolo ko. Walang internet dun sa Antique kaya halos isang taon ko hindi nakausap ang mga Kaibigan at kaklase ko.*
- *Nung bumalik na ako sa Maynila, parang iba na! Hindi ko na maiintindihan ang mga pinagusapan ng mga kaklase ko. Shy kasi talaga ako at feeling ko kasi minsan na hindi naman ako matalino, at hindi ko rin alam ano ang sasabihin.*

- *Nung mas maliit kami parang Ang daling magkakaibigan. Ngayon parang Ang hirap na. Paano kaya magkipagusap sa bagong Kaibigan?*
- *Shy pero willing to try, Sigsig from Pasig*

Naku Rodulfo, kaya mo bang sagutin to? Kung kaya, siguraduhin mong masasagot mo itong mga tanong: bakit mahalagang gawin ni Rodulfo Ang payo mo? Ano kaya Ang kayang sabihin ni Sigsig? Kung masama Ang reaksiyon ng mga kaklase niya, ano Ang payo mo dun?

Mahirap talaga magkaroon ng bagong kaibigan! Galingan ninyo mga makata!

“This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.”